REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-91

KAPASIYAHN NA NAGLALAAN NG ISANG LAGAY NA LUPA PARA SA PAGPAPATAYO NG RIZAL TECHNOLOGICAL COLLEGES EXTENSION DITO SA BAYAN NG MUNTINLUPA, NA MAY SUKAT NA DI KUKULANGIN SA DALAWANG HEKTARYA.

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

SAPAGKAT, ang Rizal Technological College ay may panukala na magpatayo ng isang extension college dito sa Bayan ng Muntinlupa at ito ay proyekto ng Pamahalaang Nasyonal at Bansa ng Hapon;

SAPAGKAT, ang Rizal Technological Colleges ay isa sa nangungunang paaralan sa bansa na kilala sa kagalingan sa pagtuturo ng mga kursong pangteknolohiya;

SAPAGKAT, ang Rizal Technological College ay isang pambansang kolehiyo na dalubhasa sa inhinyeriya, sa computer at electronics at iba pang kursong pangteknolohiya na kakailanganin ng ating mga kababayan bago makapaghanapbuhay ng maayos;

SAPAGKAT, Hindi makapagtatayo ang Rizal Technological College ng extension college kung walang Kapasiyahan ang Sangguniang Bayan na naglalaan ng isang lagay na lupa para sa pagpapatayo ng nasabing "extension College".

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay pinagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na naglalaan ng isang lagay na lupa na may sukat na hindi bababa sa dalawang hektarya dito sa Bayan ng Muntinlupa para sa pagpapatayo ng nasabing paaralan.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang limampu't isang (51st) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-13 ng Marso, 1989.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Pahina - 2 -

Kapasiyahan bilang 89-[illegible]

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY L. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER J. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

Pinagtibay:

RRC:vts